

# ANG Bayan



PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

TAON XXXIII Blg. 1

Enero 2003

## Lahatang-panig na isulong ang rebolusyon!

**A**ng walang habas na imperyalistang pandarambong at ang sagad-sa-butong pagkapapet, kalupitan at kabulukan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ay nagbubunsod ng pambihirang tindi ng sosyo-ekonomikong krisis at ng wala pang kapantay na pagsahol ng pamumuhay ng malawak na masa.

Ang katindihan ng krisis sa ekonomya at pulitika ngayon ay halos katulad ng kaiigtingan ng krisis noong panahon ni Marcos. Lalo pa itong lalala sa mga susunod na taon bunga ng todo-todong pagpapakapapet ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US, ng napakalupit na terorismo at ng grabeng pangungurakot laluna ng mag-asawang Arroyo at mga taong malalapit sa kanila.

Papadausdos pang lalo ang ekonomya sa taong 2003. Tinatayang aabot sa wala pang kapantay na antas ang depisit sa badyet, panlabas na utang, pagbagsak sa halaga ng piso at kawalan ng trabaho. Kapos na kapos ang pondo ng gubyerno at dayuhang puhunan. Kaya wala nang ibang maisip ang desperadong si Macapagal-Arroyo kundi ibaon pang lalo sa utang ang gubyerno at patawan ng karagdagang buwis ang mamamayan.

Grabe na ang paghihikahos ng mamamayan dahil sa mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon, denasyunalisasyon at iba pang dikta ng IMF. Bagsak ang produksyon. Patuloy ang paglawak ng hukbo ng mga walang trabaho. Napakababa ng sahod. Lugi at baon sa utang ang mga magsasaka. Gipit ang mga lokal na negosyante. Sa kabilanito, patuloy na ipinatutupad ni Arroyo ang gayong mga patakaran.

Balak umano ng rehimeng Macapagal-Arroyo na gawing moderno ang agrikultura. Ang totoo, ang mga



sakahan ay gagawing malawakang plantasyon ng mga pang-eksport na di-karaniwang tanim na matakaw sa imported na kemikal na sangkap. Lalo nitong gagawing palaasa na lamang sa importasyon ng bigas at iba pang produktong pagkain ang Pilipinas.

Sobra-sobra ang pagpapakapapet ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US. Ginagawa niya ang lahat upang masiyahan ang amo niyang numero unong terorista sa mundo. Kamakailan, ang katayuan ng Pilipinas bilang malaking base militar ng US ay ibayong pinagtibay sa pagpirma sa Mutual Logistics Support Agreement (MLSA). Mula Enero 2003, dadagsa sa bansa ang malaking bilang ng mga tropang Amerikano, na siya nang pinakamarami mula nang patalsikin ang mga base militar ng US noong 1991. Plano ng US na gamitin ang Pilipinas bilang lunsaran ng napipinto nitong gerang agresyon laban sa Iraq.